DTI Cavite Champions Innovation and Resilience at 2026 Cavite MSMEs Business Conference p. 7

Southern Sparkle News and PUBLISHING
WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER
ISSN: 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XVII No. 45 August 10-16, 2026 P10.00




ARANGKADA PROGRAM: NAGHATID NG SUPORTA SA 4,291 TRECEÑONG TODA MEMBERS p. 4

# SSS, BIR STRENGTHEN INTERAGENCY COOPERATION THROUGH LANDMARK PARTNERSHIP

Story on p. 2



Business Conferences 2026, matagumpay na idinaos ng OLEDIPO sa Imus City, Cavite p. 6




## BLESSING AND TURNOVER OF TWO ELF TRUCKS HELD AT BACOOR GOVERNMENT CENTER



p. 4

## BAGONG TANGGAPAN NG BIR SA LAGUNA, MAGHAHATID NG MAS MABILIS, KOMPORTABLENG SERBISYO SA TAXPAYERS

Pormal nang pinasinayaan ng Bureau of Internal Revenue (BIR) ang bagong tanggapan ng BIR Revenue District Office No. 56 Central Laguna sa Bypass Road, Barangay Lamesa, Calamba City, Laguna ngayong Lunes, Agosto 3, na inaasahang magbibigay ng mas komportable, mas sistematiko, at mas mabilis



na transkasyon sa mga taxpayer sa lalawigan.

Pinangunahan ni BIR Commissioner Charlito Martin Mendoza ang inagurasyon ng bagong tanggapan na kayang magproseso ng cashless at contactless transactions sa iba't ibang Sistema at pangangailan sa pagbubuwis.

Binigyang-diin ni Mendoza na ito ay bah-

(cont. p.3)

# SSS, BIR strengthen interagency cooperation through landmark partnership




QUEZON CITY – The Social Security System (SSS) and the Bureau of Internal Revenue (BIR) on Friday formalized a landmark partnership to strengthen compliance with tax and social security laws, enhance data sharing, and improve public service delivery.

The Memorandum of Understanding (MOU), signed by SSS President and Chief Executive Officer Robert Joseph M. De Claro and BIR Commissioner Atty. Charlito Martin R. Mendoza at the BIR National Office in Quezon City, establishes a framework for stronger institutional coordination in carrying out the agencies' respective mandates.

The MOU also lays the groundwork for a Memorandum of Agreement that will govern specific collaborative initiatives, including the establishment of the Taxpayer Identification Number (TIN) as a common and reliable identifier across the BIR and the SSS to enhance data integrity, strengthen compliance monitoring, and improve ease of doing business.

PCEO De Claro said the MOU marks a significant step in aligning the mandates, expertise, and resources of the SSS and the BIR.

"We all recognize that taxes provide the resources that enable our government to deliver essential programs and services to the Filipino people. Likewise, the social security contributions are the lifeblood of SSS operations, allowing us to provide meaningful protection and financial security to millions of workers, pensioners and their families," De Claro said.

"By strengthening our collaboration between our agencies, we are creating a more coordinated and responsive government, one that makes compliance easier, improves service delivery and ultimately benefits every Filipino."

BIR Commissioner Mendoza said the MOU provides a strong foundation for sustained collaboration between the two agencies, adding that its success will ultimately be measured by "simpler processes, stronger coordination, better informed decisions and more effective public service."

"Our mandates may be different, but our work is closely connected. Government works best when institutions trust one another enough to share responsibility, information and expertise," Mendoza said. #

**SOUTHERN SPARKLE NEWS AND PUBLISHING publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday at Region IV-A, Province of Cavite**

Office Add: Blk 3 Lot 75 Phase A istana Subd. Malagasang 1-F, Imus City, Cavite
Mobile No. 09399551973/ 09057552963/ 0927-207-5522
E-mail Add: southernsparklenews@yahoo.com/southernsparklenews1973@gmail.com
Telephone Number.: 046-4356893
Website: www.southernsparklenews.com

| | |
|---|---|
| MILAGROS BAGAPORO | Publisher |
| Margie Bautista | Editor-In-Chief |
| Benjie J. Murillo | Desk Editor |
| Jerry Guina | Managing Editor |
| Maria Theresa Lungcay | Business Manager |
| Ferdinand Lumas | Account Executive |
| Renato Alcoran | Circulation-in-Charge |
| Maricar Lumas | Layout Artist |
| Billy David Sadik | Reporter |
| Atty. Wilfredo Saquilayan | Legal Counsel |

MEMBER of PRIME ALLIANCEOF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

Note: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and its writer's/columinist.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Commercial Ad Rate: Per column = Php 200.00




Grocery shopping just got more rewarding!
Shop at SM Center San Pedro from July 30 to September 30, 2026 and get a chance to be one of our 20 Lucky Winners of P10,000 Shopping Money!
For every minimum purchase of P2,000, you'll earn a chance to win! Each lucky winner will enjoy P2,000 worth of Shopping Money every month for five (5) consecutive months—that's a total of P10,000 Shopping Money!
Promo Period: July 30 – September 30, 2026
DTI Fair Trade Permit No. R4A-LAG 100084, Series of 2026.

## Ang pag-angat na di minadali

CARD Bank
A Microfinance-Oriented Rural Bank
Bukas, para sa lahat

Ang oras ay isa ring mahalagang sangkap sa paggagawa ng tinapay, kung saan bawat sobrang segundo ay maaaring makasira sa nilulutong tinapay. Si Lennie Piñana, isang negosyanteng panadera mula sa Brgy. Laguan, Rizal, Laguna, ay nagpatunay ng ganitong kasanayan sa paglipas ng panahon sa bawat tinapay na kanilang niluluto.



*Si Lenie Piñana sa kanilang panaderya sa Rizal, Laguna, na kanilang itinayo sa loob ng ilang taong pagsisikap at pagbalanse sa bawat kondisyon ng kanilang benta.*

Nagsimula siya bilang isang domestic worker sa Hong Kong noong 2006, kung saan karamihan sa kanyang oras ay nakalaan sa paglilingkod sa pamilyang kanyang pinagsiislbihan. Bahagi ng kaniyang trabaho ang paghahanda ng pagkain para sa kaniyang mga amo, at dito niya unang natutuhan ang pagbe-bake.

Bagama't sigurado at maaasahang pangkabuhayan ang trabahong ito, pangarap pa rin ng kaniyang asawa na sila'y makabalik sa kanilang bayan upang magtayo ng sariling negosyo.

Taong 2019, bago sumapit ang pandemya, napagdesisyunan nilang umuwi at manatili na lamang sa bansa. Dito rin nila napagdesisyunang simulan ang pagtatayo ng sarili nilang bakery at gamitin sa negosyo ang kanyang kasanayan sa pagbe-bake.

Gayunpaman, sa kabila ng kanyang kaalaman dito, nakita niya ring mas kailangan ng mga mamimili ang mga biskwit o matitigas na tinapay tulad ng paborita, ugoy, hakobina, at puto seko, na malayo sa mga cake at cookies na kanyang bine-bake sa ibang bansa. Upang maging posible ang pinasisimulang negosyo, kumuha siya ng limang panaderong may kasanayan na sa pagbe-bake ng mga biskwit upang maging katuwang niya sa produksyon ng mga tinapay.

Bukod dito, naging tulong din sa pagsisimula ng negosyo ni Lenie ang pinansiyal na serbisyo mula sa CARD Bank, Inc., isang microfinance-oriented rural bank. Bilang kliyente at dahil dahil sa kaniyang pag-iipon rito mula noong taong 2013, naging pamilyar na si Lenie sa mga produktong inaalok ng nasabing bangko. Kaya naman, nag-apply at naaprubahan siya sa loan na nagkakahalagang PHP 20,000, na kaniyang ginamit bilang puhunan sa kaniyang bagong negosyo.

Sa kabila nito, batid ni Lenie na isang malaking sugal ang pagpapatakbo ng negosyo. Kaya naman, nagkasundo silang mag-asawa na magpatuloy muna sa pagtatrabaho sa ibang bansa ang kaniyang mister upang mayroon pa rin silang back-up kung sakaling hindi maging matagumpay ang kanilang negosyo.

Sa paglipas ng ilang taon, lumago at tumagal ang kanilang negosyo sa kabila ng mababang demand noong panahon ng pandemya. Ngunit hindi ito naging posible nang walang pinagdaanang mga pagsubok. Aminado si Lenie na ang kaniyang mga unang taon sa negosyo ay humarap sa mga pagkalugi at problema sa suplay. Subalit tiningnan na lamang niya ang kaniyang pagpapatuloy bilang puhunan upang matiyak ang kaniyang puwesto sa merkado sa darating pa na panahon.

Upang mapanatiling nakatayo ang negosyo sa kabila ng mga suliranin, nag-iipon si Lenie sa panahong malakas at dagsa ang kanilang benta, at kumukuha naman ng loan bilang suporta sa panahong mahina ito.

Sa walong taong pagpapatakbo nito, nadagdagan na ang mga kliyente at nakakaabot na ang kanilang mga biskwit sa iba't ibang bahagi ng Laguna, probinsya ng Rizal, Quezon, at ilang bahagi ng Metro Manila. Nabalanse ni Lennie ang pag-usbong at paghina ng kaniyang negosyo sa bawat panahon, inayos at napagbuti ang kaniyang produksyon, at napagtapos sa kolehiyo ang kanilang anak sa tulong din ng ilang loans niya mula sa nasabing bangko.

Kasalukuyan pa ring nagtatrabaho sa kaniyang bakery ang limang panaderong kasama niya mula umpisa, bukod pa sa mga part-time na tauhan na kanila ring kapitbahay. Kadalasan sa mga ito ay mga nanay na nabibigyan ng pagkakataong kumita nang hindi lumalayo sa kanilang lugar. Para kay Lenie, isa rin itong paraan ng pagbibigay-oportunidad sa kanilang komunidad.

Sa kabila ng kaniyang mga narating, nananatiling mapagpakumbaba at maingat sa paghawak ng pera si Leni, isang katangian na minsan ay nalilimutan ng ibang negosyante.

Para sa kaniyang simpleng payo sa mga nais ding magnegosyo: "Hindi siya one click lang; mahabang panahon ang kakailanganin; kailangan siyang pagtiyagaan."

Ang oras ay mahalagang sangkap sa paggawa ng tinapay. Ilang segundo lamang na sobra ang kailangan upang masira ang isang magandang tinapay, ngunit ilang taong pagbubuno ang kailangan upang makapagtayo ng isang matatag na panaderya. Ang karanasan ni Lenie ay isang paalala na ang tagumpay ay nangangailangan ng mahabang panahon, katulad ng kung paano niya itinayo at pinagtibay ang kaniyang bakery sa ilang taong mahabang pasensya, kasanayan, at tuloy-tuloy na pagtiya-tiyaga.

Sa pamamagitan ng pagiging bukas sa pagbabago sa mga panahon ng kagipitan, matagumpay na nabuo ni Lenie ang isang negosyong patuloy na nagtataguyod sa kaniyang pamilya at sa kanilang komunidad.

## BAGONG TANGGAPAN NG BIR...

from p. 1



agi ng patuloy na modernisasyon ng BIR at pagsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na gawing mas simple, mas mabilis, at mas maginhawa ang pag-access ng publiko sa mga serbisyo ng pamahalaan.

Dumalo rin sa inagurasyon si Calamba City Mayor Roseller Rizal, na nagpahayag ng pasasalamat sa BIR sa patuloy nitong suporta sa pagpapaunlad ng lungsod, partikular sa mandato nitong mangolekta ng tamang buwis na nagagamit sa pagpapatupad ng mga bagong programa at serbisyo na nakakatulong sa pag-unlad ng lungsod.

Nakiisa rin sa pagdiriwang ang mga dating Regional Director at Assistant Regional Director ng Revenue Region No. 9B – LaQueMar, gayundin ang mga opisyal ng Revenue District Office 56 Central Laguna at iba't ibang stakeholder ng BIR na naging mahalagang katuwang sa bagong nakamit na tagumpay ng ahensya.

Sa pagbubukas ng bagong tanggapan na kasabay ng selebrasyon ng ika-122 taong anibersaryo ng BIR na may temang "Mahusay na Serbisyo, Katumbas ng Buwis ng Bawat Pilipino", higit na pinapalakas ang taxpayer-centered services ng ahensya, kasabay ng patuloy na pagpapatupad ng mga reporma sa tamang pangongolekta at pamamahala ng buwis sa buong bansa.

(Photo/caption: Marra Villegas/ Chris Hedreyda)

## GOOD NEWS NI KAP RC!




Tulong medikal buwan-buwan para sa Dalawampu (20) nating kabarangay na may mabibigat na karamdaman (cancer patients)

Ang programang ito ay bahagi ng hangarin na maipadama ang malasakit, pag-aaruga at tunay na serbisyo sa mga higit na nangangailangan.

Ganyan ang Alagang Kap RC!

(MARRA VILLEGAS)

# BLESSING AND TURNOVER OF TWO ELF TRUCKS HELD AT BACOOR GOVERNMENT CENTER









The City Government of Bacoor formally held the Blessing and Turnover Ceremony of two (2) Elf Trucks for the City Engineering Office, further strengthening the city's capability to deliver efficient public works and infrastructure services.

The activity was organized by the Office of the General Services (GSO) under the leadership of Mr. Agripino "Jeng" Pagdanganan Jr., GSO Head.

Leading the ceremony were Mayor Strike B. Revilla and Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola, together with members of the Sangguniang Panlungsod.

The blessing of the newly acquired vehicles was officiated by Pastor Sam Baldo, while Engr. Robert San Jose, representing the City Engineering Office, formally received the two Elf Trucks on behalf of the department.

The acquisition and turnover of the vehicles fulfill the directive of Mayor Strike B. Revilla to provide the City Engineering Office with additional transport capacity, enabling faster mobilization of personnel, equipment, and materials for infrastructure and maintenance projects throughout the city.

With these additional service vehicles, the City Government continues to enhance its operational efficiency and strengthen its commitment to delivering quality public services and timely infrastructure development for every Bacooreño.

# ARANGKADA PROGRAM: NAGHATID NG SUPORTA SA 4,291 TRECEÑONG TODA MEMBERS




Lubos ang pasasalamat ni Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, sa pangunguna ni Governor Abeng Remulla, sa pagkakaroon ng Arangkada Program dito sa ating lungsod ng Trece Martires na nagbigay ng suporta sa 4,291 Treceñong miyembro ng Tricycle Operators and Drivers' Association (TODA).

Kasama ding nakiisa sina Vice Governor Ram Revilla Bautista, 7th District Representative Ping Remulla, 7th District Board Members Aldrin Anacan at Camille del Rosario, Vice Mayor Bobby Montehermoso at ang iba pang miyembro ng Sangguniang Panlungsod.

Patuloy nating palalakasin ang mga programang nagbibigay ng oportunidad at suporta sa bawat Treceño, dahil ang pag-unlad ng ating lungsod ay bunga ng pagkakaisa at malasakit sa bawat sektor.





# KEY CHANGERS, IFYKYK! YOU IS THE KEY—YOU IS THE WINNER! EYYY!

Handa ka na bang maging bahagi ng pinakamalaking birthday celebration ngayong taon? Narito na ang AgosTOTIE BirthdEYYY Raffle Bonanza! Isang masayang pagkakataon para sa lahat ng lehitimong residente ng Calamba City na 15 taong gulang pataas na ipakita ang kanilang suporta at creativity—at magkaroon ng pagkakataong mapabilang sa mga VERY MASWERTENG mananalo sa ating LIVE RAFFLE DRAW! BASAHING MABUTI BAGO SUMALI! Upang maging VALID ang inyong entry, hinihiling namin na:
* Basahin nang BUO ang Mechanics :

**M E C H A N I C S**

* Bukas ang raffle sa lahat ng lehitimong residente ng Calamba City na 15 taong gulang pataas.
* I-follow ang official Facebook Page ni Vice Mayor Totie Lazaro.
* Maging active sa pag-share ng mga post ni Vice Mayor Totie Lazaro sa inyong Facebook account.
* Gumawa ng creative birthday greeting para kay Vice Mayor Totie Lazaro gamit ang typewriting, cartolina, o manila paper.
* Magpakuha ng larawan kasama ang inyong pamilya, kaibigan, barkada, classmates, o officemates habang hawak ang inyong birthday greeting.
* I-comment ang inyong larawan sa official video post ng AgosTOTIE BirthdEYYY Raffle Bonanza.

(cont. p.7)




# The Final Adventure Begins for SM Little Stars 2026!




The stage is set as the **SM Little Stars 2026 Grand Finals** takes place on **August 8, 2026, at 3:00 PM** at the **Music Hall, SM Mall of Asia**.
From over **41,000 young dreamers** nationwide, only **30 outstanding finalists** have made it to the grand stage, where they will compete for the titles of **Grand Shining Star** and **Grand Dazzling Star.**
Support your favorite finalist by voting for the **People's Choice Award** until **August 7, 2026**, then witness these talented young stars shine at the Grand Finals. Be part of this exciting celebration of talent, confidence, and dreams with the whole #SMFam!




*Sinimulan noong Agosto 5 ang pamamahagi ng Libreng Flu Vaccine sa Los Baños at Calamba City, na pinangunahan ni Governor Sol Aragones. Nagpahayag ng pasasalamat ang mga benepisyaryo sa programang ito ng Pamahalaang Panlalawigan, lalo na sa panahon ng pabago-bagong lagay ng panahon. Kasabay nito, patuloy ding inilalapit ang iba pang libreng programang pangkalusugan sa buong Laguna.*

# Business Conferences 2026, matagumpay na idinaos ng OLEDIPO sa Imus City, Cavite









Mahigit 300 negosyante ang dumalo sa Business Conference 2026 ng Office of the Local Economic Development and Investment Promotions Officer (LEDIPO), sa pangunguna ni LEDIPO Marie Jenneth Vilbar-Lungcay, nitong Huwebes, Hulyo 30, 2026, sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Tampok sa conference ang negosyante at business speaker na si RJ Ledesma, kung saan kanyang ibinahagi ang mga praktikal na kaalaman sa pagnenegosyo, mula sa pagbuo ng makabuluhang business models hanggang sa tamang pag-iisip ng isang negosyante.

Dumalo sa nasabing pagpupulong sina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Konsehal Mark Villanueva, at City Administrator Lauro D. Monzon, bilang pagpapakita ng suporta sa taunang programa ng OLEDIPO.

Nakiisa rin sa conference sina Cebuana Lhuillier Finance Corporation Business Development Head Maria Rosario Cantiller at Market Development and Product Solutions Division Head Anna Carmina D. Villegas.

Ayon sa OLEDIPO, layunin ng Business Conference na itaguyod ang pagnenegosyong nakabatay sa layunin at pananagutan sa lipunan na nagbibigay-inspirasyon sa mga negosyante na isama ang pangmatagalang responsibilidad sa lipunan at wastong kasanayan ng mga negosyo para sa pangmatagalan nilang paglago. (City Government of Imus)

## GENERAL TRIAS CITY , BARANGAY BUENAVISTA -1 CHAIR MAN RIZALITO POTANTE SERBISYONG TOTOO LAMANG.

Alam ba ninyo patuloy na serbisyo MAAASAHAN ninyo sa Ating Butihing Aksyon Man RIZALITO POTANTE, na Mana sa kanilng magulang na talagang sobrang bait po na si dating kapitan Andie POTANTE ang kanilang magulang ,kaya lahat sila matulungin sa kapwa ,higit sa lahat maka dios ,dahil dito patuloy ang pag titiwala ng mga kabarangay niya sa taglay nitong mahusay na pakikisama ,kaya nakaka bilid ang katulad nitong si kapitan POTANTE,maging ang Peace and order masasabi natin tahimik masaya at maunlad na baragay ,kaya Marami ng mga establishment na nag tatayo sa nasabing Barangay,mayron ng Macdonald mga at iba pa ....,iba talaga Ating Aksyon Man kapitan RIZALITO may puso at Malasakit sa buo ang loob sa pag tulong sa ating mga kabarangay,kaya Abangan ninyo sa susunod na issue pahayagang ito marami pa tayong Abangan dito sa ating butihing kapitan RIZALITO POTANTE ikaw na da Best ka Mabuhay po kayo ulat ni BILLY DAVID SADIK NG CAVITE



# BFP Mendez Fire Station Receives New Service Vehicle




Pormal na tinanggap ng Bureau of Fire Protection CALABARZON, sa pamumuno ni FCSUPT RENATO B CAPUZ, DSC, Regional Director, at sa pangangasiwa ni SF04 Rocel D Labis, Officer-in-Charge ng Mendez Fire Station, ang isang Toyota Lite-Ace na service vehicle mula kay Mayor Cocoy Mendoza para sa BFP Mendez Fire Station. Ang bagong ipinagkaloob na service vehicle ay magpapalakas sa kakayahan ng istasyon sa pagsasagawa ng mga operasyon at magpapabilis sa paghahatid ng serbisyo sa larangan ng fire protection at emergency response para sa mga mamamayan ng Mendez. Taos-pusong nagpapasalamat ang mga kawani ng BFP Mendez Fire Station kay Mayor Cocoy Mendoza sa kanyang bukas-palad na suporta at sa pagkakaloob ng service vehicle na ito. Ang inyong mahalagang kontribusyon ay nagbibigay-inspirasyon sa amin na patuloy na maghatid ng mabilis, mahusay, at makataong serbisyo publiko. BFP CALABARZON – Sama-sama sa serbisyong may integridad!

* Sa oras ng sunog o iba pang emerhensiya, maaari ninyo kaming tawagan sa:
* Telepono: (046) 482-0712
* Mobile: 0919-0920-206.(BILLY DAVID SADIK NG CAVITE)

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ALIPIO COSTA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ALIPIO COSTA**, who died on June 10, 2010 at Amadeo, Cavite, the said deceased died intestate, without a Will or Testament and without any outstanding debts in favor of any person or entity, that the said deceased left a parcel of land with improvement, covered by Tax Declaration No. 10-0029-01344 with Lot 10805, Cad 459-D situated at Ma. Kahoy Balagbag, Indang, Cavite, containing an approximate area of Four Thousand Seven Hundred Twenty Five (4,725) square meters, and was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed on 29th day of December 2023 and ratified before Notary Public Atty. Antonio T. Nicolas, under Doc. No. 436, Page No. 101, Book No. XLII, Series of 2023.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**August 10, 17 & 24, 2026**

# DTI Cavite Champions Innovation and Resilience at 2026 Cavite MSMEs Business Conference

The 2026 Cavite MSMEs Business Conference, with the theme "Empowering MSMEs through Innovation, Resilience, and Sustainability in a Time of Economic Uncertainty," was successfully held on July 31, 2026, at the New Cavite Provincial Government Center, Brgy. Cabuco, Trece Martires City, Cavite. The conference brought together more than 150 MSMEs, industry stakeholders, business support organizations, and government representatives from across the province to strengthen the local MSME sector through knowledge-sharing and collaboration.

The milestone event was made possible through the collaborative efforts of the Cavite Provincial Government, led by the Office of the Provincial Cooperatives Development Officer (OPCDO), in partnership with the Cavite SME Development Council (CaSMEDC) and the Department of Trade and Industry (DTI) Cavite.

The opening program featured messages from DTI Region IV-A Regional Director Marissa C. Argente, who reaffirmed the Department's commitment to empowering MSMEs and local officials led by Governor Francisco Gabriel D. Remulla represented by Ms. Myrachel Cuadra, Board Members Camille Lauren del Rosario & Jhon Kester Aldrin Anacan who emphasized the value of collaboration in advancing inclusive and sustainable economic growth in Cavite.

The conference featured a series of insightful keynote presentations and technical sessions that equipped participants with practical strategies for navigating today's evolving business environment.

Through the continued collaboration of government agencies, industry partners, and the business community, Cavite remains committed to creating an enabling environment where MSMEs can innovate, grow, and contribute to inclusive and sustainable economic development.

## *KEY CHANGERS, IFYKYK! YOU IS THE KEY...* from p. 5

* Isama sa inyong comment ang sumusunod:
* Buong Pangalan
* Barangay
* Active Contact Number
* 54 na Loyal Key Changers ang pipiliin sa pamamagitan ng LIVE Raffle Draw at magkakamit ng mga espesyal na papremyo.
* Siguraduhing active at reachable ang contact number na inyong ilalagay upang madali kayong makontak sakaling mabunot bilang winner.
* Isang (1) entry lamang kada participant ang papayagan. Ang mga duplicate o hindi kumpletong entries ay maaaring ma-disqualify.
* Ang desisyon ng Organizing Committee hinggil sa pagpili ng mga mananalo ay pinal at hindi na maaaring iapela.
* I-swipe at basahin ang LAHAT ng cards sa post dahil naroon ang kumpletong gabay at mga requirements.
* Huwag laktawan ang kahit isang detalye upang maiwasan ang pagkakaroon ng invalid o disqualified na entry.

Ang mga entry na hindi susunod sa mechanics, may kulang o maling impormasyon, duplicate, o hindi kumpleto ang requirements ay maaaring hindi maisama sa opisyal na listahan ng mga valid entries at malabong mapabilang sa mga mapipiling mananalo. Kaya ano pang hinihintay mo? Ihanda na ang iyong creative birthday greeting, sundin ang mechanics, at maging bahagi ng pinakamasayang birthday celebration ngayong taon! Maaari lamang magpasa ng entry hanggang Agosto 17, Lunes, 11:59 ng gabi. Gaganapin ang Live Raffle Draw sa ika-22 ng Agosto, 6:00 ng gabi-sa facebook page ni VM Totie. Mga key changers na nakatutok lamang sa live raffle draw ang pwedeng manalo ng ating mga papremyo. Good luck, mga Loyal Key Changers!

# DTI Cavite, SM City Rosario Empower MSMEs Through Business Continuity Planning Workshop




The Department of Trade and Industry (DTI) – Cavite, in partnership with SM City Rosario, successfully conducted a Business Continuity Planning (BCP) Seminar/Workshop for the tenants of SM City Rosario and MSMEs from the Municipality of Rosario.

The seminar highlighted the significance of risk assessment, contingency planning, and business resilience in ensuring the continuity of business operations during emergencies and unforeseen events. Participants learned how to identify potential risks and develop practical strategies to minimize operational disruptions while sustaining their business operations.

The program commenced with Mr. John Paulo Piñerio, Trade Industry Development Analyst, who delivered the introductory discussion on BCP. This was followed by a comprehensive discussion and hands-on workshop facilitated by Mr. Ruy Manaog, Senior Trade Industry Development Specialist, who guided the participants in developing their own Business Continuity Plans.

Through initiatives such as this, DTI Cavite continues to empower MSMEs by promoting business resilience and preparedness, enabling enterprises to adapt, recover, and sustain their operations amid evolving challenges.

## AFFIDAVIT OF LOSS

NOTICE is hereby given that **ELEONOR LEE TSUMURA**, a Filipino citizen, of legal age, with address at Binondo, Manila, after having been duly sworn to in accordance with the law, hereby depose and state: That I, ELEONOR LEE TSUMURA is a shareholder of one (1) class A share of SHERWOOD HILLS GOLF CLUB INC., with stock certificate no. A-0675 “the Share”. That sometime on July 10, 2026 upon looking to our files we cannot find the original stock certificate. That my diligent effort to locate the above item proved futile and that the same is now beyond recovery. That I am executing this affidavit of loss to attest to the truth of all the foregoing facts and statement and for whatever legal intent and purpose this may serve, executed on 20th day of July 2026 and ratified before Notary Public Atty. Perfecto C. Nolasco, under Doc. No. 50, Page No. 12, Book No. 710, Series of 2026.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**July 27, August 3 & 10, 2026**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF NUMERIANO RAMOS ANGCAO AND DOLORES DELA PEÑA ANGCAO

NOTICE is hereby given that the estate of the late **NUMERIANO RAMOS ANGCAO** and **DOLORES DELA PEÑA ANGCAO**, who died on February 4, 1993 and July 10, 2003, the deceased at the time of their death left no known debts, nor any last will and testament, that said deceased are the registered owner of a real property situated at Indang, Cavite under Transfer Certificate of Title No. T-113003 of the Registry of Deeds for Province of Cavite, containing an area of Seven Thousand Three Hundred and Seventy Two (3,372) square meters, and was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed on 7th day of January 2025 and ratified before Notary Public Atty. Madelyn D. Sarmiento, under Doc. No. 102, Page No. 22, Book No. I, Series of 2025.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**August 10, 17 & 24, 2026**

Southern
ISSN 2508-0679
Sparkle News
and PUBLISHING
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XVII No. 45 AUGUST 10-16, 2026 P10.00

# SM Foundation Advances Preventive Healthcare in San Pablo City



Bringing healthcare closer to home. The SM Foundation Mobile Clinic delivers free medical services and essential care to residents at SM City San Pablo.




A mother and her child receive free healthcare services during the SM Foundation medical mission at SM City San Pablo.




A local physician conducts a physical examination during SM Foundation's 50th medical mission of the year.



A San Pablo resident undergoes a routine blood pressure screening during the SM Foundation medical mission. By bringing free diagnostic services directly to local communities, the initiative aims to detect silent health risks early and prevent underlying conditions from progressing unnoticed.



In partnership with local institutions, including Acebedo Optical, the medical mission delivered 150 free optical consultations to residents from 10 barangays.



SM Foundation's medical missions focus on early risk identification and long-term wellness monitoring. By returning to San Pablo City annually, the initiative establishes a sustainable framework for continuous patient care.

More than 1,500 free healthcare services were delivered to residents of San Pablo City as SM Foundation marked its 50th medical mission of the year.

The initiative expanded access to preventive healthcare for residents from 10 barangays, serving communities in San Rafael, San Roque, San Nicolas, Soledad, Santisimo Rosario, San Isidro, Atisan, San Lucas, Barangay 6-D, and Barangay 2-D.

A total of 1,521 healthcare services were provided, including 835 medical consultations, 109 dental services, 150 optical consultations, 100 ECG tests, 84 X-rays, 92 bone scans, and free laboratory tests for blood sugar, cholesterol, uric acid, and hemoglobin.

The medical mission was made possible through the collaboration of SM Foundation, SM Supermalls, the City Health Office of San Pablo, SPC Medical, the Philippine Red Cross, the Provincial Health Office, San Pablo Infinity 104 MJF Lions Club International, and Acebedo Optical.

City Health Officer of San Pablo, Dr. Mercydina Adbona Caponcon, said that the greatest value of medical missions lies in helping people detect illnesses before they become life-threatening.

"Mahalaga kahit wala pa po tayong nararamdaman at una pa lamang ang mga sintomas na ipinakita ng iyong katawan ay kailangan na po tayong magpunta kaagad [sa doctor] dahil mahalaga na wala pang komplikasyon," she explained, emphasizing that delaying check-ups can allow conditions to worsen unnoticed.

Based on her experience, hypertension and diabetes remain among the most common health concerns encountered in the city. Many patients seek consultation only after complications have already developed or after stopping their medications due to financial constraints.

She stressed that preventive healthcare remains the first and most important step in protecting one's health.

Dr. Caponpon also noted that free medical missions help connect residents to doctors, diagnostic services, medicines, and government health programs that many would otherwise struggle to access.

"Malaking tulong ang gaya po ng ginagawa ng SM Foundation sa atin pong mga kababayan dito sa San Pablo dahil nagkakaroon ng tiyansa ang lahat ng tao. Kalimitan kasi ang mga problema na sinasabi nila ay wala silang finances," she said.

Meanwhile, resident Physician of SM Foundation, Dr. Bless Bertos, explained that the program is not just providing free medicines but also focuses on identifying health risks early and guiding patients toward long-term wellness.

"Hindi lang po check-up ang ibinibigay namin sa aming medical missions. Layunin naming mabigyan ang bawat pasyente ng mas kumpletong pangangalaga, mula sa tamang diagnosis at mga kinakailangang pagsusuri hanggang sa pagbibigay ng gamot at iba pang serbisyong makatutulong sa kanilang pangmatagalang kalusugan," she shared.

As the medical mission is held annually at SM City San Pablo, healthcare providers are able to monitor patients' progress over time. Those who require continued treatment are referred to their local health centers, ensuring they receive ongoing care beyond the medical mission.




MARK. YOUR. CALENDARS.
THE GREAT BIG BLUE MAGIC SALE is coming!
Get ready for up to 70% OFF on selected Blue Magic favorites this coming August 8-16, 2026. Trust us... you won't want to miss our biggest shopping event of the year!
Tag your shopping buddy and start making that wishlist!